Huwag kayong mamuhi sa mga magulang ninyo sapagkat ang sinuman namuhi sa magulang niya, siya ay tumangging sumampalataya.

Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allah sa kanya: "Huwag kayong mamuhi sa mga magulang ninyo sapagkat ang sinuman namuhi sa magulang niya, siya ay tumangging sumampalataya."

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ang sinumang namuhi sa kaangkanan ng magulang niya nang nalalaman at kusang-loob, ito ay maliit na kawalang-pananampalataya. Hindi ibig sabihin nito ang tunay na kawalang-pananampalataya na magpapanatili sa tao sa Impiyerno. Bagkus ito ay maliit na kawalang-pananampalatayang mababa sa malaking kawalang-pananampalataya. Ito ay pagtitiyak at pagbibigay-diin sa pagbabawal sa gawaing ito at pagpapapangit dito.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/6377